Pahayagan sa 10 Wika

# Mimitaro

Tagalog /タガログ語 ☆Blg. 144 Hulyo 2022

Boluntaryong Grupo SIA「Mimitaro」

Lugar : 2F Piazza Oumi 1-1-20 Nionohama, Lungsod ng Otsu
Tel : 077-523-5646
E-mail : mimitaro@s-i-a.or.jp
URL : https://www.s-i-a.or./tl
: https://www.facebook.com/siabiwako

## Babangon muli upang ang harapin ang bukas!

Sa isyung ito ng Mimitaro binisita namin si “Bb. Tania Bolos” may tindahan ng mga pang-party cakes at iba pa nakausap namin silang mag asawa, Ginoong Yasudi Araki at Gng Tania.



**Ginoong Yasudi:** Mula Brazil pumunta ang pamilya namin sa Japan 25 taon na ang nakalipas. Mga hapon ang mga magulang ko na nagpunta sa Brazil noong mga bata pa sila. Bilang panganay ninais kong mapagamot dito sa Japan ang may sakit kong ama, kaya isinama kong pumunta dito ang aking mga magulang. Sa kabutihang palad nabiyayaan kami ng dalawang anak, upang masuportahan namin ang aming pamilya nagtrabaho kaming mag asawa sa isang pabrika dito sa shiga. Walong taon na ang nakalilipas nung biglaang nagbago ang mapayapang pamumuhay namin. Nasangkot ako sa isang pang-trapikong disgrasya at nakaranas ng seryosong pisikal na pinsala na siyang dahilan para hindi na ako makapagtrabaho. Nung mga panahong iyon, ang mga anak namin ay nagdadalaga at nagbibinata pa lamang na kailangan pa ng kalinga ng magulang. Kailangan na suportahang mag isa ng asawa ko ang pamilya namin at dahil sa sobrang pagtratrabaho nagkaroon siya ng depresyon, at sa hindi inaasang pangyayari kinakailangan din niyang tumigil sa trabaho kaya lalo kaming nahirapan sa aming pamumuhay. Ipinaalala nito sa akin nung mga panahon na hindi manlang namin napaghandaan ang uniporme ng anak namin na papasok na sa hayskul at kailangan pa namin humingi ng tulong sa paaralan. Sa gitna ng lahat ng ito habang sumasailalim sa pagpapagamot ang asawa ko, muli siyang bumangon upang magsimulang maghanapbuhay sa pamamagitan ng paggawa ng mga cake kung saan magaling siya rito.

Gusto namin na maipagpatuloy ito nang maayos bilang isang negosyo, kaya inayos namin muli ang aming bahay at nabigyan din kami ng lisensiya mula sa kagawaran ng kalusugan at saka binuksan ang aming tindahan *“Tania Bolos”* kung kaya ito din ang humimok sa akin na gumawa ng paraan, kahit na hindi na ako makapagtrabaho sa pabrika maari naman akong makapagtrabaho sa bahay na naayon sa aking pisikal na kondisyon. Dahil hindi pa ako nakapagluluto dati, binigyan ako ng kaibigan ko ng mga sekretong sangkap sa pagluto ng brazilian croquttes, at ngayon kasunod ng asawa ko nagluluto na rin ako ng mga pulutan. Higit sa lahat, bilang magulang nagpapasalamat ako at naipapakita ko sa mga anak namin na nagagawa kong muling bumangon upang harapin ang bukas. Malalaki na ang mga anak namin, ang isa ay nagtratrabaho na at ang isa naman ay nag aaral sa unibersidad at tinutulungan din nila kami. Ngayong taon ang aming anak na lalaki ang siyang tumulong sa pagproseso para sa final tax return namin.

Ang buhay ay punong-puno ng mga di inaasahang mga kaganapan. Ang naging trabaho namin sa pabrika ang sumuporta sa aming pamilya ng maraming taon at seguro kung walang nangyari, posibleng patuloy parin kaming nagtratrabaho doon. Subalit, dahil sa mga naranasang kahirapan at sa mga natutunan aral dito, may mga bagong daan na magbubukas at ito ay kung ano tayo ngayon. Higit pa riyan, ang landas na ito ang siyang nagbigay daan upang lubos na maipahayag ng aking asawa ang kanyang galing at ang hanapbuhay na ito ay para sa aming lahat. Kung kaya kahit na nahihirapan na tayo sa buhay, huwag malulumbay, huwag susuko, seguradong makakahanap ka rin ng ibang daanan.

**Gng Tania:** Mahilig kasi ako sa mga matatamis kaya gustong-gusto ko rin gumawa nito. Mahilig akong magbake ng mga cake, dinadala ko ito sa aking trabaho at ipinapatikim ko sa mga katrabaho ko. *“nakakagawa ka ng masarap na cake, bakit di ka magbenta nito? ”*, pinupuri ako ng ibang mga tao, kaya nung hindi na ako makapagtrabaho naalala ko ang sinabi ng kasamahan ko na siyang nag udyok sa akin na subukang gumawa. Sa una pangbaguhan cake lang ang nagagawa ko, kung kaya pumasok ako sa klase para magsanay maging propesyunal sa pagdekorasyon ng mga cake at sinimulang pagsikapan ipagpatuloy ang kabuhayan.

Kadalasan na ginagawa namin ay mga cakes, minatamis at mga pang-pulutan. Halimbawa cake na may dekorasyon ayon sa paboritog karakter ng mga bata. Napakalaking tulong na naipapaabot ito sa ibang mga tao dahil dito lalong tumaas ang bilang ng aming mga suki, hindi lang mga Brazilian kundi maging man mga hapon at mga taong mula sa iba’t ibang bansa. Kailan lang, nakita namin ang pagdami ng kabataang hapon na ang mga kapartner o mga kaibigan ay mga Brazilian, minsan nakakatanggap kami ng mga order mula sa kanila na nalaman nila pagkatapos dumalo sa mga salu-salo ng Brazilian. Masaya ako na sa ganitong paraan bukal sa loob na tinatanggap ng mga hapones ang aming kultura. Sa mga huling araw ng linggo kadalasan maaga pa kaming nagtratrabaho hanggang hatinggabi, dahil seguro mahal ko ang ginagawa ko kaya mas lalong bumubuti ang pisikal na kondisyon ko.

Sa ngayon, napagtanto ko na yaong mga mahihirap na panahon at yaong mga bagong daan na kinaharap ko, ang lahat ng iyon ay regalo ng panginoon sa akin. Halos buong araw magkasama kaming mag asawa, minsan may mga panahon na hindi nagkakasundo ngunit umaasang, magtutulungan ang bawat isa, pasulong at patuloy na haharapin namin ang bukas.

(FB ni Tania Bolos)

Kung mayroong problema…

# Interpretasyon * Pagsangguni para sa mga Dayuhang Residente sa Shiga



| Lugar | Tanggapan | Wika | Araw/Oras ng Pagsangguni | Tel. / Iba pa |
|---|---|---|---|---|
| **Otsu** | Munisipyo Kankou Shinkou-ka MICE Promotion Office | Ingles | Lun~Biy. 9:00 am-5:00 pm | 077-528-2864 |
| | Otsu-shi Kokusai Shinzen Kyokai | Nihongo (Magsama ng interpreter) | Ika-2 Miy 5:30pm, 6:15pm, 7:00pm (reserbasyon ng 1pm isang araw bago~) | 077-525-4711 |
| **Hikone** | Munisipyo Hikone Gaikokujin Soudan Center<br>. Honkan (main bldg)3F<br>. Jinken Saisaku-ka 3F<br>. Chou-cho Bekkan (Annex) 1F | Portuges | Ika-1,3 na Huw, 8:30 am-7:00 pm<br>Lun~Biy (maliban sa nasa itaas) 8:30 am-5:15 pm | 0749-30-6113 |
| | | Ingles | Lun~Biy. 8:30am-5:15 pm | |
| | | Intsik | Mar, Biy (Miy) 8:30am-5:15 pm | |
| | | Vietnam | Mar, Huw, (Biy) 8:30am-5:15 pm | |
| **Nagahama** | Munisipyo Shimin-ka | Portuges,Kastila Ingles, atbp. | Huw 8:30 am-7:00 pm<br>Lun~Miy, Biy 8:30 am-5:15 pm | 0749-65-8711 |
| **Omihachiman** | Munisipyo, bawat departamento | Portuges, Ingles, atbp. | Lun~Biy 9:00 am-4:45 pm | 0748-26-7092 |
| **Kusatsu** | Munisipyo 2F Machizukuri Kyodo-ka | Ingles, atbp. | Lun~Biy 9:00 am-4:00 pm | 077-561-2337 |
| **Moriyama** | Moriyama Shimin Koryu Center | Ingles (Kailangan ng appointment sa ibang wika) | Lun~Biy 9:00 am-4:30 pm | 077-583-4653 |
| **Ritto** | Munisipyo 3F Ritto Kokusai Koryu Kyokai | Portuges | Miy 1:00 pm-5:00 pm | 077-551-0293 |
| **Koka** | Munisipyo Seikatsu Kankyo-ka | Portuges, Kastila | Lun~Biy 8:30 am-5:15 pm | 0748-69-2146 |
| | Munisipyo Kosodate Seisaku-ka | | | 0748-69-2176 |
| | Munisipyo Tanggapan ng kontra COVID-19 | | | 0748-69-2154 |
| **Yasu** | Munisipyo, Kikakuchousei-ka bawat departamento | Ingles, Intsik, atbp. | Lun~Biy 8:30 am-5:15 pm | 077-587-6039 |
| | Yasu-shi Kokusai Kyokai | Ingles | Lun~Biy 9:00 am-5:00 pm | 077-586-3106 |
| **Konan** | Munisipyo Higashi Chosha Sogo-uketsuke | Portuges | Lun~Biy 8:30 am~5:15 pm | 0748-72-1290 |
| | Munisipyo Nishi Chosha Jinken Yogo-ka | | | 0748-77-7036 |
| | Konan-shi Kokusai Kyokai. Munisipyo Nishi Chosha 4F | | Lun~Biy 8:30 am-5:00 pm | 0748-69-7530 |
| **Takashima** | Takashima-shi Kokusai Kyokai | Ingles, Vietnam | Iregular (kailangan ng appointment) | 0740-20-1180 |
| **Higashiomi** | Munisipyo Shinkan Shimin Seikatsu Sodan-ka | Portuges | Lun~Biy 9:00 am-5:00 pm | 0748-24-5521 |
| **Maibara** | Munisipyo Santo Shisho Chiiki Shinkouka-ka | Portuges | Lun~Biy 8:30 am-5:15 pm | 0749-53-5172 |
| | Maibara Tabunka Kyosei Kyokai Santo Shisyo beekan annex 2F | Portuges | Lun~Biy 9:00 am-5:00 pm | 0749-56-0577 |
| | | Intsik | Lun~Huw 9:00 am-3:00 pm | |
| **Hino** | Munisipyo Jumin-ka | Portuges | Lun, Miy, Huw 9:00 am-5:00 pm | 0748-52-6571 |
| **Aisho** | Munisipyo Echigawa Chosha Mirai Sousei-ka | Portuges | Lun, Mar, Biy 8:30 am-5:15 pm<br>Miy, Huw 8:30 am-4:30 pm | 0749-29-9046 |
| **Shiga Pref.** | Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga *(Shiga Gaikokujin Soudan Center)* | Portuges, Kastila Tagalog, Ingles Vietnam, atbp | Lun~Biy 10:00 am-5:00 pm | 077-523-5646 |

# Mga Silid-aralan ng Nihongo sa Shiga

Posibleng makansela ang mga klase dulot ng COVID-19. Mangyaring kumpirmahin muna ang klase bago pumasok,

| Lugar | Pangalan ng Samahan | Telepono | Araw at Oras | Lugar |
|---|---|---|---|---|
| Otsu | Otsu Int'l. Goodwill Association | 077-525-4711 | Biy 1:30 pm -2:3 pm 7:00 pm -8:00 pm | Asuto Hamaotsu 2F |
| | | | Huw 10:00 am -11:30 am | Katata Kominkan |
| | Nihongo no kai | 090-6609-3191 | Huw 10:00 am -12:00 pm | Otsu Kominkan |
| | Omi Nihongo Fureai Club | 077-523-1061 | Lun 10:30 am -2:00 pm | Piazza Omi 2F |
| | | | Sab 7:30 pm -9:10 pm | Setakita Kominkan |
| Hikone | Hikone International Assn. | 0749-22-5931 | Kasalukuyang suspendido. Mangyaring makipag ugnayan sa grupo para sa detalye | |
| | Smile | 0749-24-7241 | Lin 10:00 am -11:30 am | Hikone-shi Nishi-chiku Kominkan |
| | | 070-5661-7345 | Lun-biy ①9:30 am -10:50 am ②10:00 am -12:20 pm③1:30 pm -2:50 pm ④3:00 pm - 4:20 pm (sarado tuwing Mar) | Innovation Office Nayashichi |
| | | | Mar, Biy 9:00 am -10:20 am | Hikone-shi Asahinomori-chiku Kominkan |
| | Hikone Kokusai Koryukai VOICE | 0749-23-3018<br>090-5156-6916 | Sab 2:00 pm - 4:00 pm | Hikone-shi Naka-chiku Kominkan |
| Nagahama | Nagahama UNESCO Kyokai | 0749-65-6552 | Miy,Sab 7:00 pm - 8:30 pm | Kokusai Bunka Koryu House GEO |
| | Tanoshii Nihongo | 0749-63-4400 | Mar 6:30 pm - 8:00 pm | |
| Omi-hachiman | Nihongo Koryu Kyoshitsu Tanpopo | 0748-26-7092 | Sab 7:00 pm -9:00 pm | Kaneda Community Center |
| | Nihongo Koryu Kyoshitsu Azuchi | | | Azuchi Community Center |
| | Nakayoshi Nihongo Koryu kyositsu | | Miy 10:00 am -11:30 am | Kaneda Community Center |
| Kusatsu | Olive | 077-565-9215 | Sab 7:00 pm - 8:40 pm | Kirarie Kusatsu |
| | SHIPS | 077-561-5110 | Miy, Biy 10:30 am -12:00 pm | Tabunka Kyosei Shien Center |
| | Kusatsu International Friendship Association Kizuna | 077-561-2322 | Sab 10:20 am -12:00 pm | Ritsumeikan Univ. BKC / online |
| | Nihongo Center | 090-8146-9596 | Pang 2 at 4 na Sab1:00 pm - 5:00 pm | Kirarie Kusatsu |
| Moriyama | Moriyama Nihongo Kyoshitsu | 077-583-4653 | Pang 1 at 3 na Sab 10:00am -1:50 am | Moriyama Shimin Koryu Center |
| | Nihongo Salon | 090-8648-9749 | Lun- Biy 10:00am -12:00 pm | |
| Ritto | RIFA Nihongo Kyoshitsu | 077-551-0293 | Pang 2 at 4 na Sab 10:15am -11:45 am | Community Center Daihou |
| Koka | Koka International Exchange Assn. – Ninja | 0748-63-8728 | Sabado 7:30 pm - 9:00 pm | Minakuchi chuo kouminkan |
| | Koka International Exchange Assn. – Niji | | Lunes 2:00 pm - 4 :00 pm | Maroom |
| Yasu | YIFA Nihongo Kyoshitsu | 077-586-3106 | Maaring sumangguni/Komunsulta | Yasu Int'l. Association (opisina) |
| Konan | Konan International Association | 0748-69-7530 | Lun 2:00 pm - 3:30 pm<br>Mar 5:30 pm - 7:00 pm<br>Miy 10:00 am -11:30 am<br>Biy 3:30 pm - 5:00 pm | Ishibe Machizukuri Center |
| | | | Sabado 6:30 pm - 8:00 pm | Mito Machizukuri Center |
| | Camiyando | 090-1448-3350 | Lun･Miy 7:00 pm - 9:00 pm | ELD |
| Takashima | Takashima International Assn. | 0740-20-1180 | Maaring sumangguni/komunsulta | Imazu Higashi Comm. Center |
| | Nihongo de Hanasou | | Pang 2, 4 na Sab 2:00 pm- 3:30 pm | Shin-asahi Kominkan |
| Higashiomi | Yokaichi Nihongo Kyoshitsu | 0748-22-6717 | Pang 1, 2, 3 na Lin 1:30 pm - 3:00 pm<br>Mar 10:00 am - 11:30 am<br>Sab 1:30 pm - 3:00 pm | Higashiomi International Friendship Association |
| Maibara | Maibara-shi Nihongo Kyoshitsu | 0749-56-0577 | Sab 9:30 am -11:00 am | Munusipyo ng Maibara Santou shisho bekkan (Annex) |
| Aisho | Aisho International Friendship Association | 070-5593-1769 | Sab, Lin ①10:00 am -11:30 am ②1:30pm-3:00pm ③3:15pm - 4:45pm<br>Miy 7:00 pm -8:00 pm | Echigawa Komin-kan |
| Online | ONRITANS | 090-3656-5417 | Lun – Biy / maaring mapag-usapan | Online class (zoom) |

# PAHAYAGAN MIMITARO

◆ ***Maglibang sa tag-init na panahon habang nag iingat sa heatstroke at sa mga nakakahawang sakit***



**☆ Mga inirerekomendang lugar ngayong tag-init ☆**

**☆ Biwako Hakodate Yama**

Isang malabahagharing kulay na kurtina na gawa mula sa makatutubong hibla ng Takashima na tinatawag na「Chijimi」ay masisilayan mula sa burol na abot tanaw ang lawa ng biwa(Biwako no mieru oka)

URL: https://www.hakodateyama.com/green/

Lugar：Takashima-shi Imazu-cho Hioki-mae

TEL：0740-22-2486

**☆ Museo ng Lawa-biwa (Biwako Museum)**

Mararanasan at matutunanan sa museo na ito ang lahat tungkol sa lawa ng biwa na nangangalaga sa mga buhay na nilalang at sa pang araw-araw nating pamumuhay

Kailangan ng maagang reserbasyon

※Maaring maagang magpareserba ng isang buwan sa home page/website.

URL: https://www.biwahaku.jp/

Lugar: Kusatsu-shi Orosimo -cho 1091

TEL: 077-568-4811

**☆Shiga-kenritsu Bijutsukan (Shiga Prefecture Museum of Art)**

Ang museo na ito ay nasa loob ng Biwako Cultural Park At malapit sa magandang hardin, (Japanese Garden) may programang pambata din na ginaganap dito para sa buong detalye

URL: https://www.shigamuseum.jp/

Lugar：Otsu-shi Setaminamiogaya-cho1740-1

TEL: 077-543-2111

◆ **Mga kapaki-pakinabang na aplikasyon at website sa ibat ibang wikang sa panahon ng kalamidad.**

**•NHK World JAPAN**

Naghahatid balita ang NHK. Mga balitang pang-emerhensiya.Lindol ,Tsunami (sa 18 na iba't ibang Wika)

For Android　For iPhone

**•Paalalang pang-kaligtasan**

Kapaki-pakinabang na aplikasyon Para malaman ang mga kalamidad sa Japan ( 12 na wika)

For Android　For iPhone

**•Website ng impormasyon para sa sakuna, ahensiya ng meteorolohiko ng Japan（15 na Wika）**

https://www.data.jma.go.jp/multi/index.html?lang=tl

◇ Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang website ng tanggapan ng kabinete para sa namamahala patungkol sa sakuna.

https://www.bousai.go.jp/kokusai/web/img/08_bousai_guidebook_Web_PH.pdf

# BALITA MULA SA MIMITARO

◆ **Konsultasyon patungkol sa "Pagtratrabaho"**

**<u>Shiga International Recruitment Support Center</u>**

Libreng Konsultasyon sa trabaho para sa mga dayuhang nagtratrabaho at sa mga nais magtrabaho sa Shiga. Bukas sa「Kahit anong konsultasyon patungkol sa Pagtratrabaho, Tulad ng kung paano ang pag aplay ng pahintulot ng pananatili( Residence status) kung paano ang pagsulat ng resume」o kaya kung nais「magsanay sa pagpapainterbyu」sasamahan kayo ng mga espesyalistang tagapayo lutasin ang mga sulirain ninyo（Wikang hapon）

Info　Shiga Gaikokujin Jinsai Ukeire Saputo-Senta (Shiga International Recruitment Support Center)

Lty 932 3F, Oji 1chome 1-1, Kusatsu

(1 minutong lakad → estasyon ng JR Kusatsu. east exit)

TEL：050-5211-5397

E mail：shiga_support@pasona.co.jp

URL: https://shiga-gaisapo.com/

◆ **Pagsasanay sa wikang hapon para sa trabaho JICE (Libre)**

Aplikasyon：Hello Work　「Pagtatapos ng aplikasyon」

- Nagahama-shi（Pang-gabi　Antas 2）「8/31」
  Lugar：<u>Rinko</u>　9/ 12～Unang bahagi ng Disyembre
- Hikone-shi（Pang-gabi　Antas 3）「9/14」
  Lugar：<u>Tachibana</u> 9/27 ~Kalagitnaan ng Disyembre
- Hino-cho（Umaga　Antas１）「7/15」
  Lugar：<u>Watamuki-hall Niji</u>　7/28～11/4
- Koka-shi　( Pang-gabi　Antas 2)「10/ 13」
  Lugar：<u>Maroom</u>　10/25～Katapusan bahagi ng Enero

◆ **Kung may Individual Number Card ,maari nang mag aplay ng pahintulot sa pananatili ang mga dayuhan sa online**

Hindi na kailangang pumunta ng personal sa tanggapan ng imigrasyon para sa pagproseso ng iyong residence card, maari mong gawin ito mula sa iyong tahanan o opisina, bukas buong araw/ 24 oras) Maaaring matanggap ang card sa pamamagitan ng koreo. kwalipikadong may pahintulot ng paninirahan**:** Lahat ng naninirahan maliban sa may pahintulot ng paninirahan na "diplomatic"at"short-term stay/temporariyong pagbisita". Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring alamin sa website ng ahensiya ng serbisyong pang-imigrasyon.

https://www.isa.go.jp/en/applications/guide/onlineshinsei.html (Inglis)

**Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga**

（sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization）

TEL: 077-523-5646　FAX：077-510-0601

E-mail: mimitaro@s-i-a.or.jp

◇ Makikita din sa home page ng SIA ag mga impormasyon patungkol sa sakuna sa ibat ibang wika.
URL: https://www.s-i-a.or.jp/tl/qa/disaster

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Hulyo